

## Medical Treatment (Compensation) Benefit

Kapag ang manggagawa ay napinsala o nagkasakit sa trabaho o habang papunta patungo sa trabaho kung saan kailangang magpagamot, ipagkakaloob ang Medical Treatment (Compensation) Benefit (sa kaso ng pagkapinsala sa trabaho) o Medical Treatment Benefit (sa kaso ng pagkapinsala habang papunta sa trabaho).

### Nilalaman ng benepisyo

Sa ilalim ng Medical Treatment (Compensation) Benefit ay may “Benepisyo para sa pagpapagamot” at “Kabayaran para sa gastos ng pagpapagamot”.

- Sa “Benepisyo para sa pagpapagamot”, maaring tumanggap ng serbisyo para sa libreng pagpapagamot, pagbigay ng mga gamot, sa Rosai Hospital, sa mga itinakdang pagamutan, botika at iba pa (na tinatawag sa dokumentong ito na “Itinakdang pagamutan”).
- Sa “Kabayaran para sa gastos ng pagpapagamot”, may sistema ng cash benefit kung saan ipinagkakaloob ang kabayaran para sa mga ginastos sa pagpapagamot sa ibang pagamutan sa kasong walang itinakdang pagamutan na maaring puntahan sa sariling lokalidad.

Ang lawak o panahon ng pagpapagamot na sakop na benepisyo ay pareho. Sa Medical Treatment (Compensation) Benefit, kalakip ang mga kinakailangang gastos para sa karaniwang pagpapagamot, pagpapaospital, gastos sa transportasyon at iba pa na isinasagawa hanggang gumaling ang pagkapinsala o pagkakasakit (symptom stabilization).

#### ◇ Ukol sa “paggaling”

Hindi lamang ang lubusang paggaling ng mga organs o tissue sa loob ng katawan ng tao ang tinutukoy nito, kundi pati ang pagiging “stable” ng sintomas ng pinsala o sakit (symptom stabilization), kung saan kahit isagawa ang kinikilala o karaniwang paggamot (\*1) ay walang maaasahang epekto o pagbuti sa kalagayan (\*2).

Sa kaso na kung saan pansamantalang paggaling lamang ang naging resulta ng pagbigay ng medisina, physical therapy at iba pa at napagpasiyahan walang maaasahang epekto sa pagpapatuloy ng paggamot, ituturing na gumaling na ang kalagayan (symptom stabilization) kahit may natitirang sintomas at sa ganitong kaso ay hindi maaring ipagkaloob ang Medical Treatment (Compensation) Benefit.

(\*1) Sa “Kinikilala o karaniwang paggamot”, tinutukoy ang paggamot na nasasakop ng Workers’ Compensation Insurance (pumapailalim sa Health Insurance). Kung kaya, ang mga paggamot tulad ng nasa experimental stage o di kaya’y nasa research process ay hindi kasali sa paggamot na nabanggit dito.

(\*2) Sa “Walang maaasahang epekto sa pagpapatuloy ng paggamot”, tinutukoy ang kawalan ng kakayahang medikal upang gumaling o bumuti ang sintomas ng pinsala o sakit.

## Pamamaraan sa paghiling ng kabayaran

- **Sa kaso ng paghiling ng benepisyo para sa gastos ng pagpapagamot**

Sa pamamagitan ng itinakdang pagamutan at iba pa kung saan nagpapagamot, ibigay sa Hepe ng tanggapan ng Labor Standards Inspection Office, ang Medical Treatment Compensation Benefit Payment Request Form No. 5 bilang kabayaran para sa gastos ng pagpapagamot o 3 ng Form 16 para sa Medical Treatment Benefit.

- **Sa kaso ng paghiling ng kabayaran para sa gastos ng pagpapagamot**

Ibigay sa Hepe ng tanggapan ng Labor Standards Inspection Office ang Medical Treatment Compensation Benefit Form No. 7 bilang kabayaran para sa gastos ng pagpapagamot o 5 ng Form 16 para sa Medical Treatment Benefit.

Bukod pa rito, kailangang ibigay ang Form 7 (5 ng Form 16) (2) sa kasong tumanggap ng gamot sa parmasya, Form 7 (5 ng Form 16) (3) sa kasong tumanggap ng serbisyo sa isang Judo Therapist, Form 7 (5 ng Form 16) (4) sa kasong tumanggap ng serbisyo sa isang Acupuncturist, Moxibustionist, Shiatsu Massage, Form 7 (5 ng Form 16) (5) sa kasong tumanggap ng nursing visitation mula sa isang nursing service operator.

- **Sa pagbabago sa itinakdang pagamutan at iba pa**

Sa kaso ng mga nakatanggap na ng benepisyo para sa pagpapagamot sa itinakdang pagamutan na nais magpatingin sa ibang itinakdang pagamutan sanhi ng pag-uwi sa sariling bayan o “hometown”, maaring ibigay sa Hepe ng tanggapan ng Labor Standards Inspection Office, sa pamamagitan ng panibagong itinakdang pagamutan, ang notis ng pagbabago para sa itinakdang pagamutan. Kailangang ibigay ang Medical Treatment Compensation Benefit Change Form (Change Notification Form No. 6) o ang Medical Treatment Benefit Change Form (4 ng Form 16), para sa pagbabago sa itinakdang pagamutan o designated medical institution.

## Ukol sa gastos sa pagpunta sa ospital para magpatingin

Ukol sa gastos sa pagpunta sa ospital o pagamutan para magpatingin, bilang patakaran ay itinakda sa 2 km \*1 ang layo mula sa tirahan o sa pook ng trabaho ng manggagawang napinsala, kung saan nasasakop sa pagbigay ng kabayaran ang alinman sa (1) hanggang (3):

- (1) Kapag nagpatingin sa naaangkop na pagamutan\*2 sa loob ng parehong munisipalidad.
- (2) Kapag nagpatingin sa katabing munisipalidad sanhi ng kawalan ng naaangkop na pagamutan sa loob ng parehong munisipalidad (kalakip din ang kaso na kung saan kahit may naaangkop na pagamutan sa parehong munisipalidad, mas madaling puntahan ang pagamutang nasa katabing munisipalidad).
- (3) Kapag walang naaangkop na pagamutan sa loob ng parehong munisipalidad pati sa katabing munisipalidad, kung kaya pumunta sa ibang pagamutang nasa iba pang munisipalidad maliban sa mga nabanggit.

\*1 Kahit sa kasong hindi umabot sa 2 km ang layo (one-way), may mga kaso na kung saan maaring ipagkaloob ang kabayaran.

\*2 Ang naaangkop na pagamutan ay isang institusyon na kung saan maaring tanggapin ang pagpapagamot na nababagay sa sariling sakit o pinsala.

### Limitasyon

Sa Medical Treatment Benefit, bilang isang “benefit-in-kind basis”, ang tagal para sa karapatang humiling ng kabayaran ay hindi nagiging problema. Subalit, kailangang tandaan na maaring mawala ang karapatang humiling pagkalipas ng 2 taon pagkatapos ng petsa na kung kailan nakumpirma ang gastos sa pagpapagamot.

# Leave (Compensation) Benefit

Sanhi ng pangyayari sa trabaho o pagpapagamot sanhi ng pagkapinsala o pagkakasakit sa pagpasok patungo sa trabaho, kung saan hindi nakapagtrabaho ang isang manggagawa at tuloy ay hindi nakatanggap ng sahod, ipinagkakaloob ang Leave Compensation Benefit (sa kaso ng pagkapinsala sa trabaho) o Leave Benefit (sa kaso ng pinsalang natamo sa pagpasok patungo sa trabaho) sa ikaapat na araw mula sa araw ng hindi pagpasok sa trabaho.

## Nilalaman ng benepisyo

Sa pagtupad sa sumusunod na tatlong kondisyon, ipagkakaloob ang Leave (Compensation) Benefit at Special Leave Allowance sa ikaapat na araw mula sa araw ng hindi pagpasok sa trabaho.

- (1) Sanhi ng pangyayari sa trabaho o pagpapagamot sanhi ng pinsala o sakit na natamo sa pagpasok patungo sa trabaho
- (2) Hindi magawang magtrabaho
- (3) Hindi nakakatanggap ng sahod

Halaga ng benepisyong babayaran:

- Leave (Compensation) Benefit = (60% ng Basic Daily Benefit Amount) x bilang ng araw na hindi nakapasok
- Special Leave Allowance = (20% ng Basic Daily Benefit Amount) x bilang ng araw na hindi nakapasok  
Ang panahon mula sa unang araw ng hindi pagpasok sa trabaho hanggang sa pangatlong araw ay tinatawag na "waiting period". Sa pagitan ito, kapag nakumpirmang nagkaroon ng aksidenteng kaugnay sa trabaho, kailangang bayaran ng kompanya o employer ang halagang itinakda sang-ayon sa mga probisyon ng Labor Standards Law bilang kabayaran sa Leave Compensation Benefit (60% ng Average Daily Wage).

Bukod pa rito, sanhi ng pagpunta sa pagamutan para magpatingin, kapag bahagi lamang ng itinakdang oras ng trabaho ang nagawa ng manggagawa, ipagkakaloob ang 60% ng halagang binawas sa halaga ng Basic Daily Benefit Amount para sa sahod ng manggagawa.

## Pamamaraan sa paghiling ng kabayaran

Kailangang ibigay sa Hepe ng tanggapan ng Labor Standards Inspection Office ang Payment Request Form para sa Leave Compensation Benefit (Form No. 8) o Payment Request Form para sa Leave Benefit Payment (6 ng Form No. 16).

### Limitasyon

Ang Leave (Compensation) Benefit ay ang benepisyong ipinagkakaloob sa isang manggagawa sa oras na hindi ito makapagtrabaho sanhi ng pagpapagamot, kung saan may karapatang humiling ng sahod para sa bawat araw ng kawalan ng trabaho, na may bisa hanggang dalawang taon mula sa araw na sumunod sa araw na kung kailan hindi nakapagtrabaho sanhi ng pagpapagamot. Tandaan lamang na maaring mawalan ng karapatang humiling kapag lumampas ito sa dalawang taon na validity period.

## Injury / Sickness (Compensation) Pension

Sa kaso ng pagkapinsala sanhi ng trabaho o sa pag-commute patungo sa trabaho, sa araw pagkalipas ng isang taon at kalahati pagkatapos umpisahan ang pagpapagamot o sa araw na sumunod nito, ipagkakaloob ang benepisyo para sa Injury/Sickness Compensation Pension (para sa pinsalang natamo sa trabaho) o ang Injury/Sickness Pension (para sa pinsalang natamo habang papunta patungo sa trabaho) kapag pumailalim sa sumusunod na kondisyon.

(1) Kapag ang pinsala o sakit ay hindi pa gumaling

(2) Kapag ang lagay ng pinsala o sakit ay pumailalim sa kategorya o grado ng pinsala/sakit sa talaan ng mga pinsala/sakit.

### Nilalaman ng benepisyo

Depende sa kategorya o grado ng pinsala o sakit, ipinagkakaloob ang Injury/Sickness (Compensation) Pension, Injury/Sickness Special Allowance at Injury/Sickness Special Pension.

Antas ng pinsala/sakit	Injury/Sickness (Compensation) Pension	Injury/Sickness Special Allowance (Lump-sum)	Injury/Sickness Special Pension
Grade-1	313 araw ng Basic Daily Benefit Amount	1,140,000 Yen	313 araw ng Calculated Basic Daily Amount
Grade-2	277 araw ng Basic Daily Benefit Amount	1,070,000 Yen	277 araw ng Calculated Basic Daily Amount
Grade-3	245 araw ng Basic Daily Benefit Amount	1,000,000 Yen	245 araw ng Calculated Basic Daily Amount

#### Buwan ng pagbabayad ng pension

Para sa Injury/Sickness (Compensation) Pension, babayaran ito sa sumunod na buwan ng buwang nasasakop sa kondisyon ng pagbayad sa (1), (2) sa itaas, sa anim na hati bawat taon sa Pebrero, Abril, Hunyo, Agosto, Oktubre, Disyembre, kung saan binabayaran ang bawat nakaraang dalawang buwan.

\* Para sa mga pumailalim sa pinsala/pagkakasakit sa Grade-1 o pinsala sa organs sa loob ng dibdib at tiyan, Psychoneurotic Injury sa Grade-2, kung saan kasalukuyang tumatanggap ng nursing care, maaring tumanggap ng Nursing (Compensation) Benefits. (→ P32)

### Pamamaraan sa paghiling ng kabayaran

Ang pagdesisyon sa pagbigay o hindi pagbigay ng Injury/Sickness (Compensation) Pension ay isinasagawa sa kapangyarihan o awtoridad ng Hepe ng tanggapan ng Labor Standards Inspection Office. Bagama't hindi kailangang isagawa ang claim o kahilingan para sa pagtanggap ng benepisyo, pagkalipas ng 1 taon at 6 buwan matapos umpisahan ang pagpapagamot at hindi pa rin gumagaling ang kalagayan, pagkatapos nito ay kailangang ibigay sa loob ng isang buwan sa Hepe ng tanggapan ng Labor Standards Inspection Office, ang "Notice of Injury/Sickness Status" (2 ng Form No. 16).

# Disability (Compensation) Benefit

Sa panahon ng paggaling mula sa pagkapinsala o pagkakasakit sanhi ng trabaho o pagpasok patungo sa trabaho at may natirang pinsala sa katawan, ipinagkakaloob ang Disability (Compensation) Benefit (sa kaso ng pagkapinsala sa trabaho) o Disability Benefit (sa kaso ng pinsalang natamo sa pagpasok patungo sa trabaho).

## Nilalaman ng benepisyo

Ang benepisyo para sa “Residual Disability” o natirang pinsala sa katawan, na nasasakop sa talaan o listahan ng disability grade, ay ipinagkakaloob sang-ayon sa sumusunod:

- Kapag pumailalim sa Disability Grade-1 hanggang Disability Grade-7, ipagkakaloob ang Disability (Compensation) Pension, Special Disability Allowance, Special Disability Pension
- Kapag pumailalim sa Disability Grade-8 hanggang Disability Grade-14, ipagkakaloob ang Disability (Compensation) Lump-sum, Special Disability Allowance, Special Disability Lump-sum

Disability Grade	Disability (Compensation) Benefit		Special Disability Allowance *		Special Disability Pension		Special Disability Lump-sum	
Grade 1	Pension	313 araw ng Basic Daily Benefit Amount	Lump-sum	3,420,000 Yen	Pension	313 araw ng Calculated Basic Daily Amount		
Grade 2	Pension	277 araw ng Basic Daily Benefit Amount	Lump-sum	3,200,000 Yen	Pension	277 araw ng Calculated Basic Daily Amount		
Grade 3	Pension	245 araw ng Basic Daily Benefit Amount	Lump-sum	3,000,000 Yen	Pension	245 araw ng Calculated Basic Daily Amount		
Grade 4	Pension	213 araw ng Basic Daily Benefit Amount	Lump-sum	2,640,000 Yen	Pension	213 araw ng Calculated Basic Daily Amount		
Grade 5	Pension	184 araw ng Basic Daily Benefit Amount	Lump-sum	2,250,000 Yen	Pension	184 araw ng Calculated Basic Daily Amount		
Grade 6	Pension	156 araw ng Basic Daily Benefit Amount	Lump-sum	1,920,000 Yen	Pension	156 araw ng Calculated Basic Daily Amount		
Grade 7	Pension	131 araw ng Basic Daily Benefit Amount	Lump-sum	1,590,000 Yen	Pension	131 araw ng Calculated Basic Daily Amount		
Grade 8	Lump-sum	503 araw ng Basic Daily Benefit Amount	Lump-sum	650,000 Yen			Lump-sum	503 araw ng Calculated Basic Daily Amount
Grade 9	Lump-sum	391 araw ng Basic Daily Benefit Amount	Lump-sum	500,000 Yen			Lump-sum	391 araw ng Calculated Basic Daily Amount
Grade 10	Lump-sum	302 araw ng Basic Daily Benefit Amount	Lump-sum	390,000 Yen			Lump-sum	302 araw ng Calculated Basic Daily Amount
Grade 11	Lump-sum	223 araw ng Basic Daily Benefit Amount	Lump-sum	290,000 Yen			Lump-sum	223 araw ng Calculated Basic Daily Amount
Grade 12	Lump-sum	156 araw ng Basic Daily Benefit Amount	Lump-sum	200,000 Yen			Lump-sum	156 araw ng Calculated Basic Daily Amount
Grade 13	Lump-sum	101 araw ng Basic Daily Benefit Amount	Lump-sum	140,000 Yen			Lump-sum	101 araw ng Calculated Basic Daily Amount
Grade 14	Lump-sum	56 araw ng Basic Daily Benefit Amount	Lump-sum	80,000 Yen			Lump-sum	56 araw ng Calculated Basic Daily Amount

- \* Ito ang diperensiya, sa kaso ng pagkakaroon ng parehong kapahamakan, kung saan tumanggap na ng Injury/Sickness Special Allowance.
- \* Sa mga nasasakop sa Grade-1 Disability, o Grade-2 (Pinsala sa organs sa loob ng dibdib at tiyan / Psychoneurotic Injury) na kasalukuyang tumatanggap ng nursing care, maaring tumanggap ng Nursing Care (Compensation) Benefit. (→ P32)

## Pamamaraan sa paghiling ng kabayaran

Kailangang ibigay sa Hepe ng tanggapan ng Labor Standards Inspection Office ang “Payment Request Form para sa Disability Compensation Benefit” (Form No. 10) o “Payment Request Form para sa Disability Benefit” (7 ng Form No.16).

### Limitasyon

Tandaan lamang na kapag limang taon ang nakalipas mula sa araw na sumunod sa araw ng paggaling ng pinsala o sakit, maaring mawalan ng karapatang humiling ng benepisyo para sa Disability (Compensation) Benefit sanhi ng pagpapatupad sa itinakdang limitasyon kaugnay sa tagal o bisa.

# Talaan para sa antas o grado ng pagkapinsala

## Ordinansa sa pagpapatupad ng Workers' Accident Compensation Insurance Appendix-1 Talaan para sa antas o grado ng pagkapinsala

Antas ng pinsala	Nilalaman ng benepisyo	Pinsala sa katawan	Antas ng pinsala	Nilalaman ng benepisyo	Pinsala sa katawan
Grade-1	Katumbas sa 313 araw ng Basic Daily Benefit Amount para sa 1 taon ng pagkakaroon ng pinsala	<ol style="list-style-type: none"> <li>1 Pagkabulag ng magkabilang mata</li> <li>2 Kawalan ng function o galaw sa pagnguya o pagsasalita</li> <li>3 May natirang matinding pinsala sa function o paggalaw ng nervous system at kalagayang mental, kung saan kinakailangan ang patuloy na pag-aalaga o nursing care</li> <li>4 Natitirang pambihira na mga balakid sa mga tungkulin ng thoracoacromial na mga organo na nangangailangan ng pangmatagalang pangangalaga sa lahat ng oras</li> <li>5 Binura</li> <li>6 Pagkawala ng magkabilang braso mula sa siko</li> <li>7 Kawalan ng paggamit ng magkabilang braso</li> <li>8 Pagkawala ng magkabilang paa mula sa tuhod</li> <li>9 Pagkawala sa paggamit ng magkabilang paa</li> </ol>	Grade-4	Katumbas sa 213 araw ng Basic Daily Benefit Amount para sa 1 taon ng pagkakaroon ng pinsala	<ol style="list-style-type: none"> <li>1 Ang grado sa magkabilang mata ay 0.06 at pababa</li> <li>2 May natirang matinding pinsala sa function o galaw ng pagnguya o pagsasalita</li> <li>3 Kawalan ng pandinig sa magkabilang tainga</li> <li>4 Pagkawala ng isang braso sa itaas ng siko</li> <li>5 Pagkawala ng isang binti mula sa tuhod</li> <li>6 Kawalan ng paggamit sa lahat ng daliri sa magkabilang kamay</li> <li>7 Pagkawala ng magkabilang paa mula sa Lisfranc Joint</li> </ol>
Grade-2	Katumbas sa 277 araw ng Basic Daily Benefit Amount para sa 1 taon ng pagkakaroon ng pinsala	<ol style="list-style-type: none"> <li>1 Pagkabulag sa isang mata, ang grado sa kabilang mata ay nasa 0.02 at pababa</li> <li>2 Ang grado sa magkabilang mata ay naging 0.02 at pababa</li> <li>2-2 May natirang matinding pinsala sa function o paggalaw ng nervous system o kalagayang mental, kung saan kinakailangan ang patuloy na pag-aalaga o nursing care</li> <li>2-3 May natirang matinding pinsala sa galaw o function ng organs sa loob ng dibdib at tiyan, kung saan dapat ipagkaloob ang nursing care kung kinakailangan</li> <li>3 Pagkawala ng magkabilang braso mula sa may pulso o galanggalangan</li> <li>4 Pagkawala ng magkabilang binti mula sa bukung-bukong</li> </ol>	Grade-5	Katumbas sa 184 araw ng Basic Daily Benefit Amount para sa 1 taon ng pagkakaroon ng pinsala	<ol style="list-style-type: none"> <li>1 Pagkabulag sa isang mata, ang grado sa kabilang mata ay nasa 0.1 at pababa</li> <li>1-2 May natirang matinding pinsala sa function o paggalaw ng nervous system o kalagayang mental, kung saan hindi maaring gumawa maliban sa mga magagaang gawain</li> <li>1-3 May natirang matinding pinsala sa function o galaw ng organs sa loob ng dibdib at tiyan, kung saan maliban sa magagaang gawain ay hindi maaring gumawa ng ibang trabaho</li> <li>2 Pagkawala ng isa sa upper limb mula sa may pulso</li> <li>3 Pagkawala ng isa sa lower limb mula sa bukung-bukong</li> <li>4 Kawalan ng paggamit sa isang upper limb</li> <li>5 Kawalan ng paggamit sa isang lower limb</li> <li>6 Pagkawala ng lahat ng mga daliri sa magkaibang paa</li> </ol>
Grade-3	Katumbas sa 245 araw ng Basic Daily Benefit Amount para sa 1 taon ng pagkakaroon ng pinsala	<ol style="list-style-type: none"> <li>1 Pagkabulag ng isang mata, ang grado sa kabilang mata ay nasa 0.06 at pababa</li> <li>2 Kawalan ng function o galaw sa pagnguya o pagsasalita</li> <li>3 May natirang matinding pinsala sa function o paggalaw ng nervous system at kalagayang mental, kung kaya hindi maaring gumawa ng habambuhay na trabaho o paggawa</li> <li>4 May natirang matinding pinsala sa galaw o function ng organs sa loob ng dibdib at tiyan, kung kaya hindi maaring gumawa ng habambuhay na trabaho o paggawa</li> <li>5 Pagkawala ng lahat ng mga daliri sa magkabilang kamay</li> </ol>	Grade-6	Katumbas sa 156 araw ng Basic Daily Benefit Amount para sa 1 taon ng pagkakaroon ng pinsala	<ol style="list-style-type: none"> <li>1 Ang grado sa magkabilang mata ay 0.1 at pababa</li> <li>2 May natirang matinding pinsala sa function o galaw ng pagnguya o pagsasalita</li> <li>3 Mahina ang pandinig sa magkabilang tainga kaya kailangang lumapit para maintindihan</li> <li>3-2 Tuluyang nawalan ng pandinig sa isang tainga at sa kabilang tainga naman ay kailangang nasa 40 cm ang lapit para magkaroon ng karawniwang usapan</li> </ol>

Antas ng pinsala	Nilalaman ng benepisyo	Pinsala sa katawan	Antas ng pinsala	Nilalaman ng benepisyo	Pinsala sa katawan
		<p>na maaring maintindihan ng husto</p> <p>4 May natirang matinding pagbabago sa anyo o deformation sa vertebral column o di kaya'y problema sa paggalaw nito</p> <p>5 Pagkawala ng gamit sa dalawang kasukasuan (joint) sa loob ng tatlong pangunahing kasukasuan sa isang braso (whole arm)</p> <p>6 Pagkawala ng gamit sa dalawang kasukasuan sa loob ng tatlong pangunahing kasukasuan sa paa (whole leg)</p> <p>7 Pakawala ng limang daliri sa isang kamay o di kaya'y apat na daliri kalakip ang hinlalaki</p>			<p>1 Pagkabalag ng isang mata o ang grado ng kabilang mata ay nasa 0.02 at pababa</p> <p>2 May natirang pinsala sa paggalaw ng spinal column</p> <p>3 Pagkawala ng dalawang daliri kalakip ang hinlalaki o tatlong daliri maliban sa hinlalaki sa isang kamay</p> <p>4 Pagkawala ng gamit o function ng tatlong daliri kalakip ang hinlalaki o apat na daliri maliban sa hinlalaki sa isang kamay</p> <p>5 Nabawasan o umikdi ng higit sa 5 cm ang haba ng isang paa o lower limb</p> <p>6 Kawalan ng gamit o function ng isa sa tatlong pangunahing kasukasuan (joint) ng isang braso o upper limb</p> <p>7 Kawalan ng gamit o function ng isa sa tatlong kasukasuan (joint) sa isang paa o lower limb</p> <p>8 May natirang "nonunion" (hindi paggaling ng buto mula sa pagkabalali) sa isang braso o upper limb</p> <p>9 May natirang "nonunion" (hindi paggaling ng buto mula sa pagkabalali) sa isang paa o lower limb</p> <p>10 Pagkawala ng lahat ng daliri sa isang paa</p>
		<p>1 Pagkabalag sa isang mata, ang grado ng kabilang mata ay nasa 0.6 at pababa</p> <p>2 Panghihina sa pandinig sa magkabilang tainga, kung saan kapag lumampas sa 40 cm ang layo ay hindi na marinig o maintindihan ang karaniwang pag-uusap</p> <p>2-2 Kawalan ng pandinig sa isang tainga, sa kabilang tainga ay hindi marinig o hindi maintindihan ang karaniwang pag-uusap kapag lumampas sa 1 meter ang layo.</p> <p>3 May natirang pinsala sa function o paggalaw ng nervous system at kalagayang mental, kung saan hindi maaring gumawa ng ibang trabaho maliban sa magagaan na gawain.</p> <p>4 Binura</p> <p>5 May natirang pinsala sa galaw o function ng organs sa loob ng dibdib at tiyan, kung saan maliban sa magaan trabaho ay hindi maaring gumawa ng ibang gawain</p> <p>6 Pagkawala ng tatlong daliri kalakip ang hinlalaki o apat na daliri maliban sa hinlalaki sa isang kamay</p> <p>7 Kawalang ng gamit o function ng limang daliri o apat na daliri kalakip ang hinlalaki sa isang kamay</p> <p>8 Pagkawala sa bahaging mula sa Lisfranc joint at pataas sa isang paa (whole leg)</p> <p>9 May natirang "nonunion" (hindi paggaling ng buto mula sa pagkabalali), na nag-iwan ng matinding pinsala sa paggalaw sa kabilang braso o upper limb</p>			<p>1 Ang grado sa magkabilang mata ay nasa 0.6 at pababa</p> <p>2 Ang grado ng isang mata ay nasa 0.06 at pababa</p> <p>3 May natirang Hemiamaurosis (Half-Blindness), Tunnel-Vision o panlalabo (Visual Field Distortion)</p> <p>4 May natirang matinding depekto sa talukap ng magkabilang mata</p> <p>5 May natirang depekto sa ilong, na naging sanhi ng pinsala sa galaw o function nito</p> <p>6 May natirang pinsala sa function o paggalaw ng pagng uya o pagsasalita</p> <p>6-2 Mahina ang pandinig sa magkabilang tainga, kung saan hindi marinig ng mabuti o maintindihan ang pag-uusap sa kasong mahigit sa 1 meter ang layo</p> <p>6-3 Ang isang tainga ay hindi nakakarinig o maintindihan ang sinasabi kung hindi lakasan ang boses at idikit sa tainga, at sa kabilang tainga naman ay nahihirapang makarinig o umintindi ng karaniwang usapan kung higit sa 1 meter ang layo</p> <p>7 Pagkawala ng pandinig sa isang tainga</p> <p>7-2 May natirang pinsala sa nervous system at kalagayang mental, kung saan masyadong nalilimitahan ang mga trabaho o gawaing maaring gawin.</p>
Grade-7	Katumbas sa 131 araw ng Basic Daily Benefit Amount para sa 1 taon ng pagkakaroon ng pinsala		Grade-8	Katumbas sa 503 araw ng Basic Daily Benefit Amount	
			Grade-9	Kaatumbas sa 391 araw ng Basic Daily Benefit Amount para sa 1 taon ng pagkakaroon ng pinsala	

Antas ng pinsala	Nilalaman ng benepisyo	Pinsala sa katawan	Antas ng pinsala	Nilalaman ng benepisyo	Pinsala sa katawan
		<p>7-3 May natirang pinsala sa galaw o function ng organs sa loob ng dibdib at tiyan, kung saan masyadong nalilimitahan ang mga trabaho o gawain na maaring gawin</p> <p>8 Pagkawala ng hinlalaki o dalawang daliri maliban sa hinlalaki ng isang kamay</p> <p>9 Pagkawala ng gamit sa dalawang daliri kalakip ang hinlalaki o tatlong daliri maliban sa hinlalaki ng isang kamay</p> <p>10 Pagkawala ng dalawa o higit pang daliri ng paa kalakip ang hinlalaki sa isang paa</p> <p>11 Pagkawala ng gamit ng lahat ng daliri sa isang paa</p> <p>11-2 May natirang matinding deformity sa panlabas na anyo</p> <p>12 May natirang matinding pinsala sa ari o genital organ.</p>			<p>1 May natirang matinding pinsala sa modulatory function o paggalaw sa magkabilang mata</p> <p>2 May natirang matinding pinsala sa paggalaw ng talukap sa magkabilang mata</p> <p>3 May natirang matinding depekto sa talukap ng isang mata</p> <p>3-2 Kinabitan ng dental prosthetic ang hight sa 10 ngipin</p> <p>3-3 Paghihirap sa pandinig, kung saan hindi marinig o maintindihan ang maliit na boses mula sa 1 meter at higit pa sa magkabilang tainga</p> <p>4 Paghihirap sa pandinig, kung saan hindi marinig ang karaniwang boses mula sa 40 cm at higit pa sa isang tainga</p> <p>5 May natirang deformation sa hugis ng spinal column</p> <p>6 Pagkawala ng hintuturo (index finger), dato (middle finger) at palasingingan (ring finger) sa isang kamay</p> <p>7 Binura</p> <p>8 Pagkawala ng gamit sa higit sa dalawang daliri kasali ang hinlalaki ng isang paa</p> <p>9 May natirang matinding pinsala sa galaw o function ng organs sa loob ng dibdib at tiyan, kung saan masyadong nalilimitahan ang kakayahan sa paggawa ng trabaho</p>
Grade-10	Katumbas sa 302 araw ng Basic Daily Benefit Amount para sa 1 taon ng pagkakaroon ng pinsala	<p>1 Ang grado ng isang mata ay nasa 0.1 at pababa</p> <p>1-2 May natirang Diplopia (Double-Vision) sa paningin sa harapan (frontal-view)</p> <p>2 May natirang pinsala sa function o paggalaw ng pagnguya o pagsasalita</p> <p>3 Kinabitan ng dental prosthetic ang hight sa 14 ngipin</p> <p>3-2 Paghihirap sa pandinig ng magkabilang tainga, kung saan nahihirapan marinig o maintindihan ang karaniwang salita sa layo ng higit sa 1 meter</p> <p>4 Paghihirap sa pandinig sa isang tainga, kung saan hindi marinig o maintindihan ang lakas ng boses kapag hindi idiniin sa tainga</p> <p>5 Binura</p> <p>6 Pagkawala sa gamit ng hinlalaki o dalawang daliri maliban sa hinlalaki sa isang kamay</p> <p>7 Nabawasan o umikli ng 3 cm at higit pa ang isang paa (lower limb)</p> <p>8 Pagkawala ng hinlalaki o ang iba pang apat na daliri sa isang paa</p> <p>9 May natirang matinding pinsala sa function o paggamit ng isang kasukasuan (joint) sa tatlong pangunahing kasukasuan sa braso (upper limb)</p> <p>10 May natirang matinding pinsala sa function o paggamit ng isang kasukasuan (joint) sa tatlong pangunahing kasukasuan sa paa (lower limb)</p>	Grade-11	Katumbas sa 223 araw ng Basic Daily Benefit Amount para sa 1 taon ng pagkakaroon ng pinsala	<p>1 May natirang matinding pinsala sa modulatory function o paggalaw sa isang mata</p> <p>2 May natirang matinding pinsala sa paggalaw ng talukap sa isang mata</p> <p>3 Kinabitan ng dental prosthetic ang hight sa 7 ngipin</p> <p>4 Pagkawala ng malaking bahagi ng "external ear" sa isang tainga</p> <p>5 May natirang matinding deformity sa hugis ng Clavicle, Breastbone, Rib Bone, Shoulder Blade o Pelvic sa Bone</p> <p>6 May natirang pinsala sa function o paggalaw ng isa sa tatlong pangunahing kasukasuan (joint) sa isang braso (upper limb)</p> <p>7 May natirang pinsala sa function o paggalaw ng isa sa tatlong pangunahing kasukasuan (joint) sa isang binti (lower limb)</p> <p>8 May natirang deformity sa hugis ng mahabang buto (long bones)</p> <p>8-2 Pagkawala ng kalingkingan (little finger) sa isang kamay</p> <p>9 Pagkawala ng gamit sa hintuturo (index finger), dato (middle finger) at palasingingan (ring finger) sa isang kamay</p> <p>10 Pagkawala ng pangalawang daliri sa isang paa, pagkawala ng dalawang daliri sa paa kalakip ang pangalawang daliri o pagkawala ng tatlong daliri sa paa maliban sa pangatlong daliri</p>
			Grade-12	Katumbas sa 156 araw ng Basic Daily Benefit Amount para sa 1 taon ng pagkakaroon ng pinsala	



Antas ng pinsala	Nilalaman ng benepisyo	Pinsala sa katawan	Antas ng pinsala	Nilalaman ng benepisyo	Pinsala sa katawan
		11 Pagkawala ng gamit sa unang daliri o ang iba pang apat na daliri sa isang paa 12 May natirang neurological symptoms sa isang lugar na hindi matanggal 13 Binura 14 May natirang deformity sa hugis ng panlabas na anyo	Grade-13	Katumbas sa 101 araw ng Basic Daily Benefit Amount para sa 1 taon ng pagkakaroon ng pinsala	10 Kawalan ng gamit sa pangalawang daliri, dalawang daliri kalakip ang pangalawang daliri o tatlong daliri sa ilalim ng pangatlong daliri ng isang paa
Grade-13	Katumbas sa 101 araw ng Basic Daily Benefit Amount para sa 1 taon ng pagkakaroon ng pinsala	1 Ang grado sa isang mata ay nasa 0.6 at pababa 2 May natirang Hemiamaurosis (Half-Blindness), Tunnel-Vision, Field of Vision Distortion sa isang mata 2-2 May natirang Diplopia (Double-Vision) maliban sa paningin sa harapan (frontal-view) 3 May natirang depekto sa isang bahagi ng talukap ng magkabilang mata o pagkatanggal ng pilik-mata 3-2 Kinabitan ng dental prosthetic ang higit sa 5 ngipin 3-3 May natirang pinsala sa function o paggawa ng organs sa loob ng dibdib at tiyan 4 Kawalan ng gamit sa kalingkingan ng isang kamay 5 Pagkawala ng bahagi ng buto sa hinlalaki ng isang kamay 6 Binura 7 Binura 8 Nabawasan o umikli ng 1 cm at higit pa ang isang binti (lower limb) 9 Pagkawala ng isa o dalawang daliri sa ilalim ng pangatlong daliri ng isang paa	Grade-14	Katumbas sa 56 araw ng Basic Daily Benefit Amount para sa 1 taon ng pagkakaroon ng pinsala	1 Pagkawala sa isang bahagi ng talukap o may natirang pilik-mata sa isang mata 2 Kinabitan ng dental prosthetic ang higit sa 3 ngipin 2-2 Panghihina ng pandinig sa isang tainga, kung saan hindi marinig ang maliit na boses sa layo ng 1 meter at higit pa 3 May natirang masagwang bakas na sinlaki ng palad sa harap ng braso o upper limb 4 May natirang masagwang bakas na sinlaki ng palad sa harap ng binti o lower limb 5 Binura 6 Pagkawala ng bahagi ng buto sa daliri maliban sa hinlalaki ng isang kamay 7 Ang Distal Interphalangeal Joint ng mga daliri sa isang kamay maliban sa hinlalaki ay hindi mabinat o maibalukot 8 Kawalan ng gamit sa isa o dalawang daliri sa paa sa ilalim ng pangatlong daliri 9 May natirang neurological symptoms sa isang bahagi o lugar 10 Binura

**Mga pamuna:**

- 1 Ang pagsusukat sa paningin ay isinasagawa sa pamamagitan ng International Visual Acuity Measurement Standards. Ginagamit ang "corrected visual acuity" sa pagsukat sa paningin sa kaso ng pagkakaroon ng diperensiya o "distortion".
- 2 Ang pagkawala ng daliri sa kamay ay ang pagkawala sa pagitan ng phalangeal joint sa kaso ng hinlalaki at sa proximal interphalangeal joint sa iba pang daliri.
- 3 Ang pagkawala ng gamit sa daliri ng kamay ay ang pagkawala ng higit sa kalahati ng distal phalanx sa daliri ng kamay o pag-iwan ng matinding pinsala sa paggalaw sa metatarsopharangeal joint o proximal interphalangeal joint (interphalangeal joint, para sa hinlalaki ng kamay).
- 4 Sa pagkawala ng daliri sa paa, ito ang pagkawala ng lahat ng mga daliri.
- 5 Ang pagkawala ng gamit ng mga daliri sa paa ay ang pagkawala ng higit sa kalahati ng distal phalanx para sa unang daliri ng paa, pagkawala ng higit sa distal interphalangeal joint para sa iba pang mga daliri ng paa, o pag-iwan ng matinding pinsala sa paggalaw sa metatarsopharangeal joint o proximal interphalangeal joint (interphalangeal joint, para sa unang daliri sa paa).

## Disability (Compensation) Pension Advance Lump-sum Payment

Maaring tumanggap ng paunang kabayaran ng isang beses lamang para sa pagtanggap ng Disability (Compensation) Pension.

### Nilalaman ng benepisyo

Ukol sa halaga ng Advance Lump-sum Payment, sang-ayon sa disability grade ay maaring piliin ang nais na halaga sa loob ng itinakdang halaga.

Kapag ipinagkaloob ang Advance Lump-sum Payment, sa kaso ng Disability (Compensation) Pension, ang kabayaran sa kabuuang halaga para sa halaga ng bawat buwan (halagang nakuha pagkatapos gawan ng diskuwento sa simple interest ng 5% sa isang taon para sa lumampas na one-year period) ay ititigil hanggang umabot sa halaga ng Advance Lump-sum.

Antas ng pinsala	Halaga ng Advance Lump-sum Payment (bilang ng araw na katumbas ng Basic Daily Benefit Amount)	
Grade-1	Basic Daily Benefit Amount	200 araw, 400 araw, 600 araw, 800 araw, 1,000 araw, 1,200 araw, 1,340 araw
Grade-2	"	200 araw, 400 araw, 600 araw, 800 araw, 1,000 araw, 1,190 araw
Grade-3	"	200 araw, 400 araw, 600 araw, 800 araw, 1,000 araw, 1,050 araw
Grade-4	"	200 araw, 400 araw, 600 araw, 800 araw, 920 araw
Grade-5	"	200 araw, 400 araw, 600 araw, 790 araw
Grade-6	"	200 araw, 400 araw, 600 araw, 670 araw
Grade-7	"	200 araw, 400 araw, 560 araw

### Pamamaraan ng paghiling ng kabayaran

Bilang patakaran, kasabay ng pagsagawa ng payment request para sa Disability (Compensation) Benefit, kailangang ibigay sa Hepe ng tanggapan ng Labor Standards Inspection Office, ang claim request para sa "Disability Compensation Pension / Disability Pension Advance Lump-sum Payment" (Pension Application Form No. 10).

Subalit, sa sumunod na araw ng araw na kung kailan may notis para sa desiyon sa pagbayad ng pension, maaring isagawa ang payment request kahit tumanggap na ng Disability (Compensation) Pension kung nasa loob ng isang taon. Sa kasong ito, isasagawa ang payment request mula sa maximum ceiling amount ng naaangkop na disability grade, sa loob ng halagang ibinawas sa pension na ipinagkaloob.

### Limitasyon

Tandaan lamang na sa kaso ng Disability (Compensation) Pension Advance Lump-sum Payment, mawawalan ng karapatang humiling ng kabayaran kapag umabot ng dalawang taon mula sa araw na sumunod sa araw ng paggaling ng pinsala o sakit.

## Disability (Compensation) Pension Difference Lump-sum

Sa pagkamatay ng beneficiary ng Disability (Compensation) Pension, kapag ang kabuuang halaga ng ipinagkaloob na Disability (Compensation) Pension at Disability (Compensation) Pension Advance Lump-sum Payment ay hindi umabot sa itinakdang halaga para sa Disability Grade, ipagkakaloob sa naulila ang diperensiya sa halaga ng Disability (Compensation) Pension Lump-sum.

### Nilalaman ng benepisyo

Ang Disability (Compensation) Pension Difference Lump-sum ay ang halagang nakuha pagkatapos ibawas mula sa itinakdang Disability Grade ang kabuuang halagang ipinagkaloob o binayaran para sa Disability (Compensation) Pension Advance Lump-sum Payment. Sa Special Disability Pension, tulad ng Disability (Compensation) Pension, may sistema para sa diperensiya ng Lump-sum payment.

Antas ng pinsala	Disability (Compensation) Pension Difference Lump-sum (bilang ng araw na katumbas ng Basic Daily Benefit Amount)	Special Disability Pension Difference Lump-sum (bilang ng araw na katumbas ng Calculated Basic Daily Amount)
Grade-1	Basic Daily Benefit Amount 1,340 araw	Calculated Basic Daily Amount 1,340 araw
Grade-2	" 1,190 araw	" 1,190 araw
Grade-3	" 1,050 araw	" 1,050 araw
Grade-4	" 920 araw	" 920 araw
Grade-5	" 790 araw	" 790 araw
Grade-6	" 670 araw	" 670 araw
Grade-7	" 560 araw	" 560 araw

- **Mga nasasakop na beneficiary o naulila na maaring tumanggap ng kabayaran para sa Disability (Compensation) Pension Difference Lump-sum**

Ang mga naulilang maaring tumanggap ng kabayaran para sa Disability (Compensation) Pension Difference Lump-sum ay ang mga nabanggit sa (1) o (2), at ang ayos o prayoridad sa pagtanggap ay sa sumusunod na (1), kasunod ng (2); sa loob ng mga naulila, ang prayoridad ay ang mga nabanggit sa (1) at (2).

(1) Sa oras ng pagkamatay ng isang manggagawa, maaring tumanggap ng benepisyo ang kasama nito sa pamumuhay (kalakip ang kaso na kung saan hindi kasal pero namumuhay bilang mag-asawa. Gayon din sa kaso ng (2)), anak, mga magulang (ama/ina), apo, mga ninuno (lola/lolo) at mga kapatid.

(2) Ang mga dependents na hindi nasasakop sa (1), anak, mga magulang (ama/ina), apo, mga ninuno (lolo/lola) at mga kapatid.

## Pamamaraan sa paghiling ng kabayaran

Kailangang ibigay sa Hepe ng tanggapan ng Labor Standards Inspection Office ang Disability Compensation Pension Difference Lump-sum / Disability Pension Difference Lumpsum Payment Request Form (2 ng Form No. 37). Kailangang ilakip ang sumusunod na mga dokumento sa Payment Request Form.

- Mga dokumento na kailangang ilakip sa pagsumite

Sa panahong ito	Kalakip na mga dokumento
Mga bagay na kailangang ilakip	Dokumentong maaring magpatunay sa kaugnayan ng naulila sa namatay na manggagawa tulad ng Certified Copy of Family Register o Extract of Family Register at iba pa
Sa kasong ang namatay na manggagawa at ang kasama nito sa pamumuhay ay hindi kasal pero namumuhay bilang mag-asawa	Dokumentong maaring magpatunay sa sitwasyong ito
Sa kasong ang kita o sahod ng manggagawang namatay ang ginamit sa kabuhatan	Dokumentong maaring magpatunay sa sitwasyong ito

\* Maaring hilingin ang iba pang mga dokumento bukod sa mga nabanggit.

### Limitasyon

Tandaan lamang na sa kaso ng Disability (Compensation) Pension Difference Lump-sum Payment, mawawalan ng karapatang humiling ng kabayaran kapag umabot ng limang taon mula sa araw na sumunod sa araw ng pagkamatay ng manggagawa.

## Bereaved Family (Compensation) Benefit Funeral Fees / Funeral Benefit

Sa oras ng pagkamatay ng isang manggagawa sanhi ng pangyayari sa trabaho o sa pagpasok patungo sa trabaho, ang mga naulila nito ay maaring tumanggap ng Bereaved Family (Compensation) Benefit. Bukod pa rito, ang umasikaso sa funeral services ng namatay ay maaring tumanggap ng benepisyo (Funeral Benefit) para sa mga ginastos sa nabanggit na serbisyo.

May dalawang pag-uuri sa ilalim ng Bereaved Family (Compensation) Benefit, ang Bereaved Family (Compensation) Pension at Bereaved Family (Compensation) Lump-sum Payment.

### Bereaved Family (Compensation) Pension

Sa Bereaved Family (Compensation) Pension, ipinagkakaloob ang benepisyo sa naulilang may pinakamataas na prayoridad sa loob ng mga naulilang may karapatang tumanggap benepisyo (qualified beneficiary)

#### Mga taong may karapatang tumanggap ng benepisyo

Upang magkaroon ng karapatang tumanggap ng Bereaved Family (Compensation) Pension, sa panahon ng pagkamatay ng manggagawa, kailangang ang beneficiary ay umaasa sa kita o sahod ng manggagawa para sa kabuhayan, kalakip nito ang asawa, anak, mga magulang (ina/ama), apo, mga ninuno (lola/lolo) at mga katapid. Sa kaso ng beneficiary bukod sa asawa, kailangang may pinsala sa katawan, masyadong matanda na o di kaya'y masyadong bata pa, sa panahon ng pagkamatay ng manggagawa.

Bukod sa sitwasyon na kung saan, “sa panahon ng pagkamatay ng manggagawa ay umaasa sa kita o sahod ng manggagawa para sa kabuhayan”, kasali din dito ang kaso na kung saan hindi lubusang umaasa sa sahod ng manggagawa kundi bahagi lamang nito para mairaos ang pamumuhay, kung saan “nagtutulungan sa pagtrabaho o pagkita” para sa kabuhayan.

Ang sumusunod ay ang ayos o prayoridad para maging qualified beneficiary:

- (1) Asawang babae o di kaya'y asawang lalaki na may kapansanan o nasa 60 taong-gulang at higit pa
- (2) Anak na nasa pagitan ng panahong mula sa pagiging 18 taong-gulang hanggang sa unang Marso 31 o may kapansanan
- (3) Mga magulang na nasa 60 taong-gulang at pataas o may kapansanan
- (4) Apo na nasa pagitan ng panahong mula sa pagiging 18 taong-gulang hanggang sa unang Marso 31 o may kapansanan
- (5) Mga ninuno (lola/lolo) na nasa 60 taong-gulang at pataas o may kapansanan
- (6) Mga katapid na nasa pagitan ng panahong mula sa pagiging 18 taong-gulang hanggang sa unang Marso 31 o nasa 60 taong-gulang at pataas o di kaya'y may kapansanan
- (7) Asawang lalaki na nasa 55 taong-gulang at pataas pero wala pang 60 taong-gulang
- (8) Mga magulang na nasa 55 taong-gulang at pataas pero wala pang 60 taong-gulang
- (9) Mga ninuno (lola/lolo) na nasa 55 taong-gulang pero wala pang 60 taong-gulang
- (10) Katapid na nasa 55 taong-gulang pero wala pang 60 taong-gulang

- \* Ang “may kapansanan” ay ang mga taong may pinsala sa katawan na higit sa Disability Grade-5.
- \* Sa kaso ng asawa, nasasakop din kahit walang ibinigay na notis ng pagpapakasal pero nagsasama bilang mag-asawa. Bukod pa rito, sa panahon ng pagkamatay ng manggagawa, ang sanggol na nasa sinapupunan ay magkakaroon ng karapatang tumanggap ng benepisyo sa oras na ipanganak ito.
- \* Kapag ang nasa pinakamataas na prayoridad ay nawalan ng karapatan sa pagtanggap ng benepisyo sanhi ng pagkamatay, muling pagpapakasal at iba pa, ang sumunod na nasa hanay ng prayoridad ang ituturing para sa pagtanggap ng benepisyo.
- \* Kahit naging beneficiary ang nasa (7) – (10) na 55 taong-gulang at pataas pero wala pang 60 taong-gulang na asawang lalaki, mga magulang, mga ninuno at mga kapatid, ititigil ang pagbibigay ng pensyon hanggang umabot sa 60 taong gulang ang mga nabanggit.

## Nilalaman ng benepisyo

Sang-ayon sa bilang ng mga naulila, ipagkakaloob ang Bereaved Family (Compensation) Pension, Bereaved Family Special Allowance at Bereaved Family Special Pension. Sa kasong dalawa o higit pa ang tatanggap ng benepisyo, hahatiin ng pantay ang halaga sa mga beneficiary.

Bilang ng mga naulila	Bereaved Family(Compensation) Pension	Bereaved Family Special Allowance (Lump-sum)	Bereaved Family Special Pension
Isa	Katumbas sa 153 araw ng Basic Daily Benefit Amount (subalit, 175 araw ng Basic Daily Benefit Amount sa kaso ng asawang babae na nasa 55 taong-gulang at pataas o babaeng asawa na may kapansanan)	3,000,000 Yen	Katumbas sa 153 araw ng Calculated Basic Daily Amount (subalit, 175 araw ng Calculated Basic Daily Amount sa kaso ng asawang babae na nasa 55 taong-gulang at pataas o babaeng asawa na may kapansanan)
Dalawa	Katumbas sa 201 araw ng Basic Daily Benefit Amount		Katumbas sa 201 araw ng Calculated Daily Basic Amount
Tatlo	Katumbas sa 223 araw ng Basic Daily Benefit Amount		Katumbas sa 223 araw ng Calculated Daily Basic Amount
Apat at higit pa	Katumbas sa 245 araw ng Basic Daily Benefit Amount		Katumbas sa 245 araw ng Calculated Daily Basic Amount

## Pamamaraan sa paghiling ng kabayaran

Kailangang ibigay sa Hepe ng tanggapan ng Labor Standards Inspection Office ang Payment Request Form (Form No. 12) para sa Bereaved Family Compensation Pension o Bereaved Family Pension Payment Request Form (8 ng Form No. 16).

Bilang patakaran, ang aplikasyon para sa kabayaran ng Special Allowance ay isinasagawa ng sabay sa payment request para sa Bereaved Family (Compensation) Benefit. Ang pormang gagamitin ay pareho sa Bereaved Family (Compensation) Benefit.

• Mga dokumentong kailangang ilakip sa pagbigay ng aplikasyon \* Maaring hilingin ang iba pang mga dokumento bukod sa mga nabanggit.

Sa panahong ito	Kalakip na mga dokumento
Mga bagay na kailangang ilakip	Death Certificate, Post-Mortem Certificate, Autopsy Report o Certificate of Recorded Information at iba pa, o mga dokumentong maaring magpatunay sa pagkamatay o petsa ng pagkamatay ng manggagawa Certified Copy of Family Register, Extract Copy at iba pang mga dokumentong maaring magpatunay sa kaugnayan ng claimant o iba pang eligible beneficiary sa manggagaw ang namatay Mga dokumentong maaring magpatunay na umaasa ang claimant o iba pang eligible beneficiary sa kita o sahod ng manggagaw ang namatay para sa kabuhayan.
Sa kasong ang manggagaw ang namatay at ang claimant o iba pang partidong may karapatang tumanggap ng benepisyo ay hindi nagbigay ng notis ng pagpapakasal, pero maituturing na nagkaroon ng "marriage relationship".	Mga dokumentong maaring magpatunay sa bagay na ito
Sa kaso na kung saan sa loob ng claimant at iba pang eligible beneficiary, ay kinilala ang pagkakaroon ng eligibility o karapatang tumanggap ng benepisyo sanhi ng pagkakaroon ng isang kapansanan	Medical Certificate at iba pa, na maaring magpatunay sa pagkakaroon ng patuloy na pinsala o kapansanan sa panahon ng pagkamatay ang manggagaw a
Sa kaso na kung saan sa loob ng mga eligible beneficiary, ay may nakasama ng claimant sa pamumuhay	Mga dokumentong maaring magpatunay sa bagay na ito
Kapag may kapansanan ang asaw ang babae	Medical Certificate at iba pang mga dokumentong maaring magpatunay sa pagkakaroon ng kapansanan o disability pagkatapos ng pagkamatay ng manggagaw a pati ang panahon na kung kailan nag-umpisa o natapos ang disability.
Sa parehong kadahilanan ay ipinagkaloob ang Bereaved Family Employee Pension, Bereaved Family Basic Pension, Widow's Pension at iba pa	Mga dokumentong maaring magpatunay sa halaga ng kabayaran

## Limitasyon

Tandaan lamang na sa kaso ng Bereaved (Compensation) Pension, mawawalan ng karapatang humiling ng kabayaran kapag umabot ng limang taon mula sa araw na sumunod sa araw ng pagkamatay ng manggagawa.

## Bereaved Family (Compensation) Lump-sum Payment

### (1) Sa kasong ipinagkaloob ang Bereaved Family (Compensation) Lump-sum

Ipinagkaloob ito sa alinman sa sumusunod na mga kaso:

- 1) Kapag walang beneficiary o maaring tumanggap ng benepisyo para sa Bereaved Family (Compensation) Pension sa panahon ng pagkamatay ng manggagawa.
- 2) Sa kasong nawalan ng karapatan o eligibility para tumanggap ng Bereaved Family (Compensation) Pension ang lahat ng mga beneficiary hanggang sa mga nasa pinakamababang posisyon sa priority list, kung saan ang binayarang halaga para sa lahat ng mga beneficiary o kabuuang halaga ng Bereaved Family (Compensation) Advance Lump-sum Payment (P29) ay hindi umabot sa 1,000 araw ng Basic Daily Benefit Amount.

### (2) Mga beneficiary

Sa mga beneficiary ng Bereaved Family (Compensation) Lump-sum Payment, na nasasakop sa loob ng sumusunod na “high-priority list” (sa 2) 3), sa hanay o ayos mula sa anak, mga magulang, apo, mga ninuno), kung may dalawa o higit pang beneficiary sa parehong hanay o “ranking”, ang lahat ay magiging eligible sa pagtanggap ng nabanggit na benepisyo.

- 1) Asawa
- 2) Anak, magulang (ama/ina), apo, ninuno (lolo/lola) na umaasa sa kita o sahod ng manggagawang namatay para sa kabuhayan
- 3) Iba pang anak, magulang, apo, ninuno
- 4) Kapatid

### Nilalaman ng benepisyo

#### Sa kaso ng 1) sa (1) sa itaas

Ipagkaloob ang katumbas sa 1,000 araw ng Basic Daily Benefit Amount. Bukod sa 3,000,000 Yen na ibibigay bilang Bereaved Family Special Allowance, ipagkaloob din ang katumbas sa 1,000 araw ng Calculated Basic Daily Amount bilang Bereaved Family Special Lump-sum Payment.

#### Sa kaso ng 2) sa (1) sa itaas

Ipagkaloob mula sa 1,000 araw ng Basic Daily Benefit Amount, ang dipirensiya matapos ibawas sa kabuuang halaga ng Bereaved Family (Compensation) Pension at iba pa na binayaran na.

Kapag ang ipinagkaloob na kabuuang halaga para sa Bereaved Family Special Pension na binayaran sa lahat ng beneficiary ay hindi umabot sa 1,000 araw ng Calculated Basic Daily Amount, ipagkaloob bilang Bereaved Family Special Lump-sum Payment ang katumbas sa 1,000 araw ng Calculated Basic Daily Amount at ang dipirensiya ng kabuuang halaga nito. (Hindi babayaran ang Bereaved Family Special Allowance)

## Pamamaraan sa paghiling ng kabayaran

Kailangang ibigay sa Hepe ng tanggapan ng Labor Standards Inspection Office ang Bereaved Family Compensation Lump-sum Payment Request Form (Form No. 15) o ang Bereaved Family Lump-sum Payment Request Form (9 ng Form No. 16).

Bilang patakaran ang aplikasyon para sa pagtanggap ng Special Allowance ay isinasagawa kasabay ng Payment Request para sa Bereaved Family (Compensation) Lump-sum. Ang pormang gagamitin ay pareho sa pormang ginagamit para sa Bereaved Family (Compensation) Lump-sum.

- Mga dokumento na kailangang ilakip sa pagsumite

Sa panahong ito	Kalakip na mga dokumento
Sa kasong ang namatay na manggagawa at ang kasama nito sa pamumuhay ay hindi kasal pero namumuhay bilang mag-asawa	Dokumentong maaring magpatunay sa bagay na ito
Sa kasong ang kita o sahod ng manggagawang namatay ang ginamit sa kabuhayan	Dokumentong maaring magpatunay sa bagay na ito
Sa panahon ng pagkamatay ng manggagawa, walang naiwanang kapamilya o naulila na maaring tumanggap ng Bereaved Family Compensation Pension	(A) Death Certificate, Post-Mortem Certificate, Autopsy Report o Certificate of Recorded Information at iba pa, o mga dokumentong maaring magpatunay sa pagkamatay o petsa ng pagkamatay ng manggagawa (B) Certified Copy of Family Register, Extract Copy at iba pang mga dokumentong maaring magpatunay sa kaugnayan ng claimant sa manggagawang namatay
Sa kasong nawalan ng karapatan o eligibility para tumanggap ng Bereaved Family (Compensation) Pension ang lahat ng mga beneficiary hanggang sa mga nasa pinakamababang posisyon sa priority list, kung saan ang binayang halaga para sa lahat ng mga beneficiary o kabuuang halaga ng Bereaved Family (Compensation) Advance Lump-sum Payment ay hindi umabot sa 1,000 araw ng Basic Daily Benefit Amount.	Katulad ng mga dokumento sa itaas

\* Maaring hilingin ang iba pang mga dokumento bukod sa mga nabanggit.

### Limitasyon

Tandaan lamang na sa Bereaved Family (Compensation) Lump-sum Payment, katulad ng Bereaved Family (Compensation) Pension, mawawalan ng karapatang humiling ng kabayaran kapag umabot ng limang taon mula sa araw na sumunod sa araw ng pagkamatay ng manggagawa.



## Bereaved Family (Compensation) Lump-sum Advance Payment

Maaring tanggapin ng minsan lamang ang advance payment o paunang kabayaran para sa Bereaved Family (Compensation) Pension. Bukod pa rito, maaring tanggapin ang advance payment kahit sa kasong itinigil ang pagkakaloob ng pension sanhi ng “age-restriction”.

### Nilalaman ng benepisyo

Ukol sa halaga ng Advance Lump-sum Payment, sa loob ng 200 araw, 400 araw, 600 araw, 800 araw, 1,000 araw ng Basic Daily Benefit Amount, maaring piliin ang nais na halaga. Kapag nagkaroon ng Advance Lump-sum Payment, sa kaso ng Bereaved Family (Compensation) Pension, ang kabayaran sa kabuuang halaga para sa halaga ng bawat buwan (halagang nakuha pagkatapos gawan ng diskuwento sa simple interest ng 5% sa isang taon para sa lumampas na one-year period) ay itinigil hanggang umabot sa halaga ng Advance Lump-sum.

### Pamamaraan sa paghiling ng kabayaran

Bilang patakarán, kasabay ng pagbigay ng payment request para sa Bereaved Family (Compensation) Pension, kailangang ibigay sa Hepe ng tanggapan ng Labor Standards Inspection Office, ang Payment Request Form para sa Bereaved Family Compensation Pension / Bereaved Family Pension Advance Lump-sum Payment (Pension Application Form No. 1).

Subalit, sa araw na sumunod sa araw na kung kailan may notis para sa desiyon sa pagbayad ng pension, maaring isagawa ang payment request kahit tumanggap na ng Bereaved Family (Compensation) Pension kung nasa loob ng isang taon. Sa kasong ito, mula sa 1,000 araw ng Basic Daily Benefit Amount, isasagawa ang paghiling ng kabayaran sa loob ng halagang ibinawas sa kabuuang halaga ng pension na ipinagkaloob.

### Limitasyon

Tandaan lamang na sa Bereaved Family (Compensation) Pension Advance Lump-sum Payment, mawawalan ng karapatang humiling ng kabayaran kapag umabot ng dalawang taon mula sa araw na sumunod sa araw ng pagkamatay ng manggagawa.

## Kapag nagbago ang beneficiary para sa Bereaved Family (Compensation) Pension (paglipat ng eligibility)

Kapag sa sumusunod na mga dahilan, ang isang beneficiary ng Bereaved Family (Compensation) Pension ay hindi maaring tumanggap ng pension, ang mga naulilang nasa sumunod na hanay sa priority list ay maaring tumanggap ng pension.

- (1) Sa kaso ng pagkamatay
- (2) Sa kaso ng pagpapakasal (nasasakop din kahit walang ibinigay na notis ng pagpapakasal pero nagsasama bilang mag-asawa)
- (3) Sa kasong inampun ng pamilyang kadugo (direct blood-relation), o di kaya'y mga taong maliban sa direct in-laws o mga biyenang (kalakip ang kaso na kung saan walang ibinigay na notis sa pag-ampon pero sa katunayan ay may namamagitan "adoptive relationship" o kaugnayan sa pagitan ng inampon at sa umampon).
- (4) Sa kaso ng diborsiyo, kung saan natapos ang kaugnayan sa manggagawang namatay.
- (5) Sa kaso ng anak, apo, kapatid, pagkatapos ng unang Marso 31 mula sa araw na naging 18 taong-gulang (maliban sa kasong nagpatuloy ang isang pinsala o kapansanan mula sa pagkamatay ng manggagawa).
- (6) Sa kaso ng asawang lalaki na may pinsala sa katawan, anak, magulang (ina/ama), apo, ninuno (lola/lolo), kapatid, kung saan ang nabanggit na kalagayan ay gumaling na.

### Pamamaraan sa paghiling ng kabayaran

Kailangang ibigay sa Hepe ng tanggapan ng Labor Standards Inspection Office, ang Payment Request Form para sa Bereaved Family Compensation Pension / Bereaved Family Pension Beneficiary Transfer (Form No. 13).

Bilang patakarán, kailangang isagawa ang payment request para Beneficiary Transfer kasabay ng pagsagawa ng aplikasyon para sa Bereaved Family Special Pension. Ang pormang gagamitin ay katulad ng Payment Request Form para sa Beneficiary Transfer.

- Mga dokumento na kailangang ilakip sa pagsumite

Sa panahong ito	Mga kinakailangang dokumento
Mga bagay na kailangang ilakip	Certified Copy of Family Register, Extract of Family Register at iba pang dokumentong maaring magpatunay sa kaugnayan ng claimant at iba pang mga eligible beneficiary na kasama ng claimant sa pamumuhay, sa namatay na manggagawa.
Sa kaso ng claimant at iba pang mga eligible beneficiary na kasama ng claimant sa pamumuhay, kung saan itinuturing na maaring tumanggap ng benepisyo sanhi ng pagkakaroon ng pinsala sa katawan.	Mga dokumento tulad ng Medical Certificate at iba pa, na maaring magpatunay sa kondisyon ng pagkapinsala na nagpatuloy mula sa pagkamatay ng manggagawa.
Sa kaso ng mga eligible beneficiary, na kasama ng claimant sa pamumuhay.	Dokumentong maaring magpatunay sa sitwasyong ito

\* Maaring hilingin ang iba pang mga dokumento bukod sa mga nabanggit.

## Funeral Fee (Funeral Benefit)

Sa mga nasasakop sa pagtanggap ng benepisyo para sa gastos ng pagpapalibing o funeral services (Funeral Benefit), bagama't hindi limitado sa mga naulilang kapamilya, nasasakop ang mga naulilang maituturing na naaangkop o nababagay, sa pagsagawa ng funeral services.

Sa kasong walang naulilang kapamilya o taong naaangkop na gumawa ng funeral service, kung saan isinagawa ito ng kompanya ng manggagawang namatay, ipagkakaloob sa kompanya ang benepisyo para sa gastos sa funeral service (Funeral Benefit).

### Nilalaman ng benepisyo

Ang halaga ng gastos sa funeral service (Funeral Benefit) ay ang halagang nakuha sa pagdagdag ng 30 araw ng Basic Daily Benefit Amount sa 315,000 Yen. Kapag ang halagang ito ay hindi umabot sa 60 araw ng Basic Daily Benefit Amount, ang 60 araw ng Basic Daily Benefit Amount ay ang halagang babayaran.

### Pamamaraan sa paghiling ng kabayaran

Kailangang ibigay sa Hepe ng tanggapan ng Labor Standards Inspection Office ang Funeral Fee Payment Request Form (Form No. 16), o ang Funeral Benefit Payment Request Form (10 ng Form No. 16).

- Mga dokumentong kailangang ilakip sa paghiling ng kabayaran Death Certificate, Post-Mortem Certificate, Autopsy Report o Certificate of Recorded Information at iba pa, o mga dokumentong maaring magpatunay sa pagkamatay o petsa ng pagkamatay ng manggagawa. Subalit, hindi na kailangang isumite kung nailakip na ito sa panahon ng pagbigay ng payment request para sa Bereaved Family (Compensation) Benefit.

### Limitasyon

Tandaan lamang na sa Funeral Fee (Funeral Benefit), mawawalan ng karapatang humiling ng kabayaran kapag umabot ng dalawang taon mula sa araw na sumunod sa araw ng pagkamatay ng manggagawa.

# Nursing Care (Compensation) Benefit

Sa kaso ng Disability (Compensation) Pension o sa lahat ng sakop ng Injury / Sickness (Compensation) Pension Grade-1 at Psychoneurotic / Chest-Abdominal Organ Injury Grade-2, kung saan kasalukuyang tumatanggap ng nursing care, ipagkakaloob ang Nursing Compensation Benefit (sa kaso ng pagkapinsala sa trabaho) o Nursing Benefit (sa kaso ng pagkapinsala sa pagpasok patungo sa trabaho).

## Mga kondisyon sa pagbigay ng benepisyo

### 1 Kapag kabilang sa mga taong may pinsala sa katawan

Sa Nursing (Compensation) Benefit, depende sa lagay ng pagkapinsala, ang serbisyo ay hinahati sa mga kasong kinakailangan ng palagiang nursing care at sa kasong ipinagkakaloob ito sa panahon o oras na kailangan. Ang sumusunod ay ang mga kaso na kung saan kinakailangan ang full-time o “as-needed-basis” nursing care.

	Detalye ukol sa lagay ng pinsala ng nasasakop
Full Time Nursing Care	(1) May natirang pinsala sa Psychoneurotic / Chest-Abdominal Organ, kung saan nasasakop sa pagbigay ng full-time nursing care (Disability Grade-1, No.3, No.4, Injury/Sickness Grade 1, No.1, No.2) (2) <ul style="list-style-type: none"> <li>• Pagkabalag sa magkabilang mata kasabay ng pagkakaroon ng kapansanan o pinsala/sakit na nasa Grade-1 at Grade-2</li> <li>• Pagkawala ng magkabilang lower at upper limbs o nasa kondisyong hindi ito magamit at iba pa, kung saan kinakailangan ang nursing care na tulad ng (1)</li> </ul>
As-Needed-Basis Nursing Care	(1) May natirang pinsala sa Psychoneurotic / Chest-Abdominal Organ, kung saan nasasakop sa pagbigay ng nursing care sa panahong kinakailangan (Disability Grade-2, 2 ng No. 2 / 3 ng No.2, Injury/Sickness Grade-2, No.1 / No.2) (2) Mga nasasakop sa Disability Grade-1 o Injury/Sickness Grade-1, kung saan kinakailangan ang palagian o full-time nursing care

### 2 Kasalukuyang tumatanggap ng nursing care

Kailangang tumatanggap ng nursing care sa kasalukuyan, sa pribadong nursing service na may bayad, mula sa pamilya o sa mga kaibigan/kakilala .

### 3 Hindi naka-confine o lumalagi sa ospital o klinika

### 4 Hindi naka-confine o lumalagi sa isang health-care facility para sa mga matatanda (para lamang sa mga tumatanggap ng livelihood nursing care), Special Elderly Nursing Home, Atomic-Bomb Survivors' Special Nursing Home

Sa pagpasok o paglagi sa mga nabanggit na pasilidad, itinuturing na nakakatanggap na ng sapat na serbisyo mula sa pasilidad, kung kaya hindi maaring ibilang sa mga nasasakop para tumanggap ng benepisyo.

## Nilalaman ng benepisyo

Ang sumusunod ay ang halagang ipinagkakaloob sa ilalim ng Nursing Care (Compensation) Benefit (impormasyong kuha sa Marso 1, 2020).

### (1) Sa kaso ng full-time nursing care

- 1) Ang halaga para sa gastos ng nursing care (maximum amount: 165.150 Yen) sa kasong hindi tumatanggap ng nursing care mula sa pamilya/kamag-anak o sa mga kaibigan/kakilala
- 2) Sa pagtanggap ng nursing care mula sa pamilya/kamag-anak o sa mga kaibigan/kakilala:
  - A. 70.790 Yen uniform –fixed-amount kapag walang ginastos sa nursing care
  - B. 70.790 Yen kapag ang ginastos sa nursing care ay hindi umabot sa 70.790 Yen
  - C. Ang halagang ginastos, sa kasong ang ginastos sa nursing care ay lumampas sa halagang 70.790 Yen (maximum amount: 165.150 Yen)

### (2) Sa kaso ng pagbigay ng nursing care sa panahong kailangan ito

- 1) Ang halaga ng ginastos, sa kasong hindi tumatanggap ng nursing care mula sa pamilya/kamag-anak, mga kaibigan/kakilala, (maximum amount: 82.580 Yen)
- 2) Sa pagtanggap ng nursing care mula sa pamilya/kamag-anak o sa mga kaibigan/kakilala:
  - A. 35.400 Yen uniform –fixed-amount kapag walang ginastos sa nursing care
  - B. 35.400 Yen kapag ang ginastos sa nursing care ay hindi umabot sa 35.400 Yen
  - C. Ang halagang ginastos, sa kasong ang ginastos sa nursing care ay lumpampas sa halagang 35.400 Yen (maximum amount: 82.580 Yen)

- Sa kasong inumpisahan ang nursing care sa kalagitnaan ng buwan
  - 1) Sa kasong binayaran ang nursing care fee sa pagtanggap ng nursing care, ipagkakaloob ang halaga para sa nursing fee sa loob ng itinakdang limitasyon o maximum amount.
  - 2) Sa kasong walang binayarang nursing care fee at tumanggap ng nursing care mula sa pamilya/kamag-anak, walang ipagkakaloob na kabayaran para sa buwang ito. Halimbawa: sa kasong inumpisahan ang pagtanggap ng nursing care mula sa pamilya/kamag-anak at iba pa, mula sa kalagitnaan ng Oktubre



\* Sa hanay ng Payment Request Form (nasasakop na taon at buwan sa paghiling ng kabayaran), kailangang isulat din ang buwan na kung kailan inumpisahan ang nursing care (Oktubre, sa halimbawa sa itaas).

## Pamamaraan sa paghiling ng kabayaran

Kailangang ibigay sa Hepe ng tanggapan ng Labor Standards Inspection Office ang Nursing Care Compensation Benefit / Nursing Care Benefit Payment Request Form (2 ng 2, ng Form No. 16), sa paghiling ng kabayaran para sa Nursing Care (Compensation) Benefit.

- Mga dokumento na kailangang ilakip sa pagsumite

Sa panahong ito	Detalye ukol sa lagay ng pinsala ng nasasakop
Mga bagay na kailangang ilakip	Medical Certificate o Dental Certificate
Sa kasong binayaran ang gastos para sa nursing care	Dokumentong maaring magpatunay sa bilang ng araw at halagang binayaran sa pagtanggap ng nursing care

\* Maaring hilingin ang iba pang mga dokumento bukod sa mga nabanggit.

Sa kaso ng beneficiary ng Injury/Sickness (Compensation) Pension at Disability Grade-1 No. 3 / No.4, o Grade-2 - 2 ng No.2 / 3 ng No.2), hindi na kailangang ilakip ang Medical Certificate.

Bukod pa rito, sa kaso ng patuloy na paghiling ng kabayaran (2 beses o higit pa) para sa Nursing Care (Compensation) Benefit, hindi na kailangan ang Medical Certificate. Sa paghiling ng kabayaran para sa Nursing Care (Compensation) Benefit, bagama't isinasagawa ito ng buwanan, maari din na isagawa ang payment request para sa tatlong buwan.

### Limitasyon

Tandaan lamang na sa Nursing Care (Compensation) Benefit, mawawalan ng karapatang humiling ng kabayaran kapag umabot ng dalawang taon mula sa unang araw ng sumunod na buwan ng buwan na kung kailan tumanggap ng nursing care.